

**Lipon, Layag, Lunsad: Mga Piling Awitang Bayan ng mga Bugkalot**

Liasos, Jhenessa B., Calinggangan, Wilhelm Jones A., Lumidao, Jamila P., at Gauuan, Rodelio C., PhD

**ABSTRAK**

Ang pag-aaral na ito ay ukol sa paglilikom, pagsasalin at pagbuo ng banghay aralin kaugnay ng kalipunan ng mga saling akdang awiting bayan ng mga Bugkalot na mula sa Journal of Northern Luzon na nagging basehan ng mga mananaliksik sa pangangalap ng mga datos. Isinagawa ang pag-aaral sa pamamagitan ng metodolohiyang palarawan ng mga awiting bayan, matapos maisalin sa wikang Filipino. Naging layunin ng pag-aaral na ito ay kung saan ag mga mananaliksik ay lumikom, nagsalin, nagtugma ng mga kompetensi at bumuo ng mga banghay-aralin. Bilang resulta ng isinagawang pag-aaral, matagumpay na naisalin ng mga mananaliksik ang nalikom na pitong awiting-bayan ng mga Bugkalot sa wikang Filipino. Naitugma ng mga mananaliksik ang mga isinaling awiting bayan sa mga tiyak na kompetensi ng Gabay Pangkurikulum, kaya't napagtibay na maaaring gamitin ang mga ito bilang kagamitang pampagtuturo. Dahil dito, nakabuo ng pitong banghay-aralin na angkop sa antas at kakayahan ng mga mag-aaral.

*Mga Susing Salita:* banghay-aralin, kompetensi, kurikulum, pagsasalin, pagtutugma

**INTRODUKSIYON**

Marami sa ating mga Pilipino ay may kakayahang sumulat ng iba't ibang akdang pampanitikan at may kakayahang magpahayag ng mga ideya sa iba't ibang paraan. Ang mga panitikan ayon kay Nibalvos (2019), na kaisipang nagagamit o nalilikha bilang mga sining ay may malaking ginagampanan sa lipunan. Ang mga panitikang ito ay nagsasalaysay ng buhay o pamumuhay ng isang tao sa lipunan, pamahalaan, pananampalataya at iba.

Ayon sa pag-aaral nina Bacsa et al. (2017), nabanggit rito na ang panitikan ay ang maayos at makabuluhang pagpapahayag ng damdamin at paniniwala ng tao, pasalita man o pasulat hinggil sa mga bagay-bagay na may kaugnayan sa kanyang sarili o pakikitung o sa kapwa. Ito ay ating nakikita, nararamdaman at naibabahagi sa iba't ibang paraan sa sinaunang panahon ngunit madalang na lamang ngayon. Sa pag-aaral na ito, mas napagtuonan ng pansin ang panitikan na siyang nagbibigay ng pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan at maipaliwanag ang kanilang kultura sa alin mang paraan.

Mahalagang mabigyan ng mas malalim na pag-aaral ang ating mga panitikan sa bansang ating sinilangan. Ayon sa CHED Memo Blg. 59 s 1996 o New General Education Curriculum, ito ay may katangiang interdisiplinaryo na makatutulong sa mga mag-aaral na makita ang tao bilang isang buo at mahalagang nilalang na namumuhay sa parehong pambansa at pandaigdigang komunidad. Ang panitikan sa bansang Pilipinas ay patuloy na nagbibigay ng pagkakakilanlan sa bansang kinamulatan.

Ayon sa Konstitusyon ng 1987, Artikulo XIV, Seksiyon 6: "*Ang wikang Pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nililintang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika.*" Ipinaliwanag sa batas na ito na kailangang payabungin at pagyamanin ang wikang Filipino dahil ito ay nagpapahayag ng pagpapahalaga ng wikang pambansa bilang isang mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng bansang Pilipinas. Ang mga panitikan mula sa katutubong wika sa bawat rehiyon ng bansang Pilipinas ay kinakailangang maisalin sa wikang Filipino. Hindi lingid sa ating kaalaman na ang pagsasalang wika ay mayroong malaking gampanin upang mapanatiling buhay ang iba't ibang akdang

pampanitikan na nasusulat sa orihinal na wika ng iba't ibang pangkat etniko partikular sa ating bansa. Bukod sa mga akdang pampanitikan, nililinig din ng pagsasalang wika ang pagpapaunlad ng wikang Filipino upang mas maunawaan ng karamihan ang gustong ibahagi ng mga akda.

Batay sa konseptuwal na balangkas ng pananaliksik ang lipon ay ang pagtitipon ng mga awiting bayan ng mga Bugkalot at ang Layag ay tumutukoy sa pagsasalin ng mga natipong awiting bayan ng mga katutubong Bugkalot. Kaugnay nito ang pagtutugma ng mga kompetensi sa ikalawang markahan sa ikapitong baitang. Ang pagtutugma ng mga saling akdang awiting bayan sa kompetensi sa Baitang 7 ay isang mahalagang aspekto ng edukasyon na naglalayong palalimin ang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kultura at kasaysayan. Sa pamamagitan ng mga pinagtugmang kompetensi ay maisakatutuparan ang Lunsad na ang ibig sabihin ay pagbuo ng kagamitang panturong maaaring gamitin ng mga susunod na henerasyon. Sa pag-aaral ng awiting bayan, natututo ang mga estudyante na magpahalaga sa mga tradisyonal na anyo ng sining at musika na naglalarawan ng mga kuwento, karanasan, at pamumuhay ng mga Bugkalot.

Upang maipatatag ng mga mananaliksik ang kredibilidad at kalidad ng kanilang ginawang salin, ito ay kanilang ipinasuri sa dalawang gurong eksperto. Ang mga magtatayang guro ay kinakailangang magtaglay ng mga katangian ng tagasalin. Una, mayroong sapat na kaalaman sa dalawang (2) wikang kasangkot sa pagsasalin. Pangalawa, may sapat na kakayahan sa pampanitikang paraan ng pagpapahayag. Pangatlo, may sapat na kaalaman sa paksang isasalin. Pang-apat, may sapat na kaalaman sa kultura ng dalawang bansang kaugnay sa pagsasalin. Panghuli, may sapat na kaalaman sa gramatika ng dalawang wikang kaugnay sa pinagsasalinan. Sa ganitong paraan, matitiyak ng mga mananaliksik na ang kanilang salin ay mataas ang kalidad at tumpak sa mensaheng nais nitong iparating.

Ang balangkas na nabuo mula sa mga awiting bayan ay magiging batayan sa pagbuo ng kalipunan ng saling akdang awiting bayan at banghay aralin na maaaring gamitin ng mga guro sa pagtuturo ng bulong at awiting bayan sa ikapitong baitang partikular sa ikalawang markahan.

Kaya naman naging layunin ng pananaliksik na ito na maisalin ang mga nalikom na awiting bayan ng mga Bugkalot. Matukoy ang mga Kompetensi ng Baitang 7 ukol sa mga awiting bayan at naitutugma sa nabuong kalipunan at makabuo ng banghay-aralin mula sa saling akdang awiting bayan.

### **METODOLOHIYA**

Ang pag-aaral na ito ay isang uri ng kuwalitatibong pananaliksik (qualitative research) na gagamitan ng pamaraang palarawan (descriptive). Kaugnay nito ang pagtutugma ng mga kompetensi sa ikapitong baitang. Ito ay naglalarawan at magsasalin ng mga paksa at kahulugan ng mga piling awiting bayan ng mga katutubong Bugkalot. Ang kabuoang proseso ng pananaliksik ay isinagawa sa Saint Mary's University, School of Teacher Education and Humanities (STEH) na isa sa mga pampridadong paaralan na pinamumunuhan ng Congregation of the Immaculate Heart of Mary (CICM) na binuksan noong 1934 ng Nueva Vizcaya na matatagpuan sa Barangay Don Mariano Marcos, Bayombong, Nueva Vizcaya. Ang pananaliksik ay hindi nangangailangan ng tagatugon sapagkat ito ay isang masusing pagsasalin ng mga awiting bayan ng mga Bugkalot mula sa Journal ng Northern Luzon kung saan mayroong mga awiting bayang nakatala. Ito ay naglalayong makapili ng mga awiting bayang isasalin at siyang magiging batayan sa pagbuo ng kagamitang panturo.

Ginamit ng mga mananaliksik ang *Journal ng Northern Luzon* na pinamagatang "The Life and Legends of Ilonggots" na itinalaga noong 1967 bilang batayan sa pagsasalin ng mga awiting bayan ng mga Bugkalot sa wikang Filipino. Ang mga datos ay itatala, susuriin, at bubuun sa mga

tema upang mas maunawaan ang proseso ng pagsasalin. Sa paraang ito, matitiyak ang tumpak na pagsasalin at ang pagpapanatili ng kulturang Bugkalot para sa susunod na henerasyon.

Sinasaklaw ng pananaliksik na ito ang pagpili at pagsasalin ng piling awiting bayan ng mga katutubong Bugkalot, na magsisilbing batayan sa pagbuo ng kagamitang panturo tulad ng banghay-aralin para sa Ikapitong Baitang. Limitado ito sa lima hanggang sampung awitin.

Upang maging matagumpay ang pananaliksik, maingat na isinagawa ng mga mananaliksik ang pangangalap ng datos gamit ang *Journal of Northern Luzon* na pinamagatang *Ilongot Life and Legends*, na naglalaman ng impormasyon tungkol sa kultura, gawi, at awiting bayan ng mga Bugkalot. Ang mga awiting ito ay isasalin mula sa orihinal patungo sa wikang Filipino. Upang maging malinaw at tama ang pagsasalin ng bawat salita, tinulungan ng dalawang eksperto ang mga mananaliksik. Si Ms. Romalyn Bacsa, isang guro na mahusay sa Filipino, at si Mr. Lasin Osingat, isang katutubong Bugkalot mula sa Dupax del Norte. Malaki ang naitulong nila sa pagsasaayos at pagpapabuti ng salin upang mapanatili ang tamang kahulugan ng awiting bayan ng mga Bugkalot

Matapos maisalin, tutukuyin ang mga kaugnay na kompetensi mula sa Gabay Pangkurikulum sa Filipino para sa Baitang 7 (ikalawang markahan). Mula rito, bubuo ng banghay-aralin na maaaring gamitin sa pagtuturo.

Ang naisaling mga awitin ay itatala sa silid-aklatan ng Saint Mary's University at bibigyan ng kopya ang NCIP–Nueva Vizcaya bilang bahagi ng pagpapanatili at pagpapahalaga sa kulturang Bugkalot. Maaaring humingi ng pahintulot ang mga guro na nais gamitin ang mga ito sa kanilang aralin.

## INTERPRETASYON NG MGA DATOS

### Seksiyon 1. Salin ng mga Nalikom na Awiting Bayang Bugkalot

Sa sumusunod ay makikita ang mga nalikom na awiting bayang Bugkalot at ang katapat niyang salin sa Ingles at salin sa Filipino.

Ipinakikita sa mga sumusunod na hanayan ang orihinal na teksto ng mga awiting-bayan ng mga Bugkalot, kasama ang salin nito sa wikang Ingles at Filipino. Ang salin sa Ingles ay hango sa *Journal of Northern Luzon*, na nagsilbing pangunahing sanggunian sa pangangalap ng datos. Samantala, ang pagsasalin sa Filipino ay isinagawa ng mga mananaliksik gamit ang malayang paraan ng pagsasalin, upang mas maipahayag ang diwa at damdaming taglay ng mga awitin.

### Hanayan 1

#### Otoyo

Bugkalot	English	Filipino
Otoyo	A small Boy	Isang munting batang lalaki
Otoy nappalindo walaan canman-	A small boy who plays with flowers-	Isang maliit na batang lalaki na naglalaro ng mga bulaklak—
Tay asimpogong noy kinnolayab noy lambong.	With his small cloth he climbs the yellow bell-flower	Sa kanyang munting damit ay umakyat siya sa bulaklak na kampanilya Yumuko ito at nabali. Siya ay nahulog.
Imepat a naykigeb, Nay sagpet.	It bends over and breaks. He falls.	

**Otoyo.** Ang Otoyo ay isang awit tungkol sa isang batang lalaki. Ito rin ay naglalarawan ng likas na pagkamausisa ng kabataan at ang maselan na ugnayan ng tao sa kalikasan, kung saan ang simpleng laro ay maaaring magdulot ng di-inaasahang epekto. Ang Otoyo ay maaaring ituring na isang awiting-bayan dahil inilalarawan nito ang mga kagawian at karanasan ng mga

batang Bugkalot sa kanilang kapaligiran. Tinatampok sa awitin ang isang bata na malayang nakakapaglaro at nakikihalubilo sa iba pang kabataan.

Ito ay naglalarawan ng isang taong nagsusumikap sa kabila ng pagiging simple o kakulangan sa yaman o kasangkapan sa buhay. Ang "*munting damit*" ay sumisimbolo sa pagiging simple samantalang ang "*pag-akyat sa bulaklak sa kampanilya*" ay maaaring kumatawan sa pagtupad ng pangarap, pagsusumikap, o pag-abot ng tagumpay kahit sa harap ng hamon.

## Hanayan 2

### *Baliwayway/ Oyayi-Awit ng Ina sa Kanyang Anak na Lalaki*

Bugkalot	English	Filipino
Baliwayway	Lullaby- Song of a mother to her son	Oyayi - Awit ng Ina sa Kanyang Anak
Ay ossong bukod nito ta uk'kit kapa,	My son, now that you are still young.	Anak ko, habang ikaw ay bata pa.
Taan ka pa no bu'dak	I compare you to a blooming flower; But when you grow up then	Ikaw ay inihahambing ko sa bulaklak na namumukadkad;
Du bukud sigudu no simikan kapo'	Maybe you will not be listening	Ngunit, kapag ikaw ay lumaki ng ganap.
Sigudo agcapo andangnge;	But though, I just bear endure them all	Baka ikaw ay hindi na nakikinig
Do anggen isipel kon legem	Because, if you will have a long life, You shall take care of me when I grow old	Ngunit, kahit ganito, titiisin ko na lang Sapagkat, ikaw ay magkakaroon ka ng mahabang buhay,
Ta alimbawa wey maduken biyag mo	I say I urge, urging you than to sleep,	Aalagaan mo ako kapag ako ay tumanda na
Sikapoy ma manalima dikken.	So that I can go out to the field to work,	Kaya naman, hinihikayat kitang matulog na,
A say ma ibigeK dimo no'ngo capo,	To plant, so, we may have something to reap, to sustain our life:	Upang ako'y makalabas papunta sa bukid upang magtrabaho,
Tan onkitaak pud uma antalabako	So that you will grow easily. And, if you grow my son,	Magtanim; upang tayo'y may aanihin, mapanatili ang ating buhay:
Tan wadey pangagaan ta no biayta,	You shall take my place on the farm. You shall climb the tall trees	Upang ikaw ay lumaki agad At, kung ikaw lumaki na, anak ko, Papalit ka sa aking gawain sa bukid.
Tan kamuem pon sumican.	So that you cut the branches	Aakyat ka sa matatayog na puno.
Alembawa sumikan kapo Ossong, Sikay ma mangoma,	So, that we shall have some place to plant	Sapagkat puputulin mo ang mga sanga ng puno.
Onkayab kan kiyo	To sustain our source of food.	Upang magkaroon tayo ng lupang taniman
Tan tengdigan gan moy de.		Na pagkukunan ng ating kinabubuhayan.
Taawe poy pagiyon ko,		
Pangagaan ta no kananta		

*Baliwayway (Oyayi-Awit ng Ina sa Kanyang Anak na Lalaki).* Ang awitin ay isang oyayi o lullaby na nagpapatahimik at nagpapaalala sa anak na magpahinga, hindi lang para sa kanyang kasalukuyang kapakanan, kundi para sa mas maliwanag na kinabukasan. Ang "Oyayi - Awit ng Ina sa Kanyang Anak na lalaki" ay isang uri ng mapagmalasakit na awitin ng isang ina para sa kanyang anak, na naglalarawan ng pagmamahal, sakripisyo, at pag-asa. Ang awit ay sumasalamin sa mga pangarap at inaasahan ng isang magulang para sa kanyang anak habang ito

ay lumalaki. Makikita rito ang pagmamahal at pagkalinga ng ina habang pinagmamasdan niya ang paglaki ng kanyang anak.

Isa itong oyayi dahil taglay nito ang mga katangian ng isang tradisyunal na lullaby na may katangiang mapagmalasakit, mapayapa, at nagbibigay-ginhawa sa batang binibigyan ng kalinga. Sa pamamagitan ng malumanay na himig at mga salitang puno ng pagmamahal, inilalarawan ng awitin ang pag-aalala ng ina para sa kanyang anak at ang pagnanais niyang ito ay makapagpahinga, hindi lamang sa pisikal na antas kundi bilang paghahanda rin sa kanyang pagharap sa hinaharap.

Kung susuriin, bagama't patuloy pa ring inaawit ng ilang Bugkalot ang oyayi bilang pagpapahayag ng pagmamahal sa kanilang anak, kapansin-pansin na ang ganitong uri ng tradisyunal na awitin ay unti-unti nang nawawala sa kasalukuyang panahon. Sa halip, ang karaniwang naririnig ngayon ay mga modernong oyayi o mga kontemporaryong awitin na ginagamit bilang pampatulog sa mga bata. Ipinapakita nito ang pagbabago sa paraan ng pagpapadama ng pag-aaruga sa mga anak at ang unti-unting pagkalimot sa tradisyunal na anyo ng musika sa mga katutubong pamayanan.

### Hanayan 3

#### *Baliwayway o Oyayi ng Isang Batang Babae sa Kanyang Munting Kapatid*

Bugkalot	English	Filipino
<b>Baliwayway</b>	<b>Lullaby of a girl to her baby sister</b>	<b>Oyayi ng Isang Batang Babae sa Kanyang Munting Kapatid</b>
<b>A nong-o ka lubbay</b>	Oh, sleep my dear little sister,	Matulog ka mahal kong munting kapatid,
<b>Agka, man-ibig ka</b>	Stop do not cry	Tigil na, huwag ka ngumiyak
<b>Ipipiyam inongon tad ayud mo</b>	Sleep soundly in your cradle	Matulog ka nang mahimbing sa iyong duyan
<b>No umaget inam'</b>	If your mother comes.	Hanggang dumating ang iyong ina.
<b>Gem'ma pat inam mangadiwag no kan mo</b>	Your mother went to search food for you	Siya ay umalis saglit upang maghanap ng pagkain para sa'yo
<b>Kamueng, sumi'kan mam'bintan ka gumka</b>	So that you will grow very fast.	Upang ikaw ay lumaking mabilis.
<b>Ipipian nong-o</b>	So, you had better sleep soundly;	Kaya't mas mabuting matulog ka nang mahimbing.
<b>Mam'bintan ka ngonka manibil no umuwit inam</b>	Then cry when mother comes.	Pagdating ni ina, saka ka na umiyak.
<b>Gimat' amam nanganop</b>	Father went out to hunt deer for you,	Si ama ay umalis upang mangaso ng usa para sa iyo,
<b>Bekeg ma talabacon inam</b>	In addition to mother's work;	Bilang karagdagan sa trabaho ni ina;
<b>Ta kagamakan de no unka muka sumikan'</b>	With the purpose of making, you grow.	Upang ikaw ay lumaking masigla.
<b>Tano we kadedege ma Apo sin Diot,</b>	And if our Sire grants his help to you,	At kung ipagkakaloob ng <b>Maykapal, Diyos, Ninuno</b> ang kaniyang tulong sa'yo,
<b>Ta uya'dan na ka no madukem biay'mo</b>	And permits you to have a long life,	At pahintulatang magkaroon ka ng mahabang buhay,
<b>Ta bujod no sumikan ka</b>	When you grow old,	Kapag ikaw ay tumanda na,
<b>Sika po, manalima mad bugan'gat ta.</b>		Doon magsisimula ang tungkulin mong alagaan ang iyong mga magulang.

Bugkalot	English	Filipino
It's when your duty to support you parents.		

**Baliwayway** (*Oyayi ng Isang Batang Babae sa Kanyang Munting Kapatid*). Ang awitin ay isang lullaby na puno ng pagmamahal at aral, kung saan ang bawat miyembro ng pamilya ay may mahalagang papel sa pag-aalaga at paghubog ng isa't isa. Ang "Oyayi ng Isang Batang Babae sa Kanyang Munting Kapatid" ay isang awit ng pagmamahal at responsibilidad. Ang kanta ay nagpapakita ng masidhing pagmamalasakit ng isang nakatatandang kapatid sa kanyang munting kapatid, na iniugoy at hinihele habang inihahanda ito sa mga hamon ng buhay. Ito rin ay naglalarawan ng siklo ng buhay at ang kahalagahan ng pamilya sa pagtutulungan at pag-aalaga.

Matatawag itong isang oyayi dahil ito ay isang awitin na nilalayong patahanin, patahimikin, at patulugin ang isang bata sa pamamagitan ng malumanay na tinig at mapag-arugang mensahe. Tulad ng tradisyunal na mga oyayi, ang awit ay puno ng damdamin ng pagmamahal, malasakit, at gabay ngunit sa pagkakataong ito, hindi mula sa isang ina kundi mula sa isang nakatatandang kapatid. Sa kabila ng pagbabago sa tagapag-awit, nananatili ang layunin ng oyayi: ang iparamdam sa bata ang kapanatagan, kaligtasan, at pagmamahal sa gitna ng pag-unlad at paglaki. Higit pa rito, ang Baliwayway ay nagpapakita ng pagpapasa ng kultura ng pag-aaruga sa loob ng pamilya, na isang mahalagang aspekto ng oyayi bilang anyong pampanitikan at pangkultura.

Sa pagsusuri sa kasalukuyang panahon, kapansin-pansin na ang ganitong uri ng oyayi kung saan ang isang kapatid ay inaawitan ang kanyang nakababatang kapatid ay bihira nang masaksihan. Unti-unti na itong nawawala sa karaniwang gawi sa mga tahanan, bunsod ng pag-usbong ng makabagong teknolohiya at pagbabago sa paraan ng pag-aalaga sa mga bata. Sa halip na ang isang miyembro ng pamilya ang umawit upang patahanin o patulugin ang isang bata, mas karaniwan na ngayon ang paggamit ng mga elektronikong kagamitan tulad ng cellphone, tablet, o speaker upang patugtugin ang mga oyaying makabago at digital na bersiyon ng mga lullaby. Ang mga bata ay karaniwang nakikinig na lamang sa mga ito hanggang sa sila ay makaidlip. Bagama't epektibo pa rin ang layunin ng mga makabagong oyayi, nawawala naman ang personal na ugnayan, damdaming nagmumula sa tinig ng isang kapamilya, at ang mahigpit na kaugnayan ng musika sa pagmamahalan at ugnayan sa loob ng pamilya.

#### Hanayan 4

##### *Love Song of a Girl*

Bugkalot	English	Filipino
Piya no Katakkit nema Bekog	Love Song of a Girl	Awit ng pag-ibig ng isang dalaga
Talumpacdet, talumpacdet	Wait for me, wait for me, There where you cut trees.	Hintayin mo ako, hintayin mo ako, Doon sa lugar kung saan ka pumutol ng mga puno.
Papan ginsolaney.	And let's go and gather oranges.	At tayo ay magtungo upang mamitas ng mga dalandan.
Tumacla ginlamonyao,	We will eat them on the grass, The grass where our houses are.	Kakainin natin ito sa damuhan, Ang damuhan kung nasaan ang ating mga tahanan.
Kadiapot atog bilao, Bilao dipo alandeden.	You have been in the forest, Ang you didn't get any bean-shooter;	Ikaw ay nanggaling sa kagubatan, At wala kang nakuha ni isang tirador;
Gapuca ngo upad longot, Aduan toy sulimpat; Admo deken weningweng.	You didn't bring anything for me.	Wala kang dinala kahit ano para sa akin.

**Love Song of a Girl.** Ang awit ay isang masining na pagpapahayag ng damdamin ng pag-ibig. Ito ay naglalarawan ng masiglang pakikipag-ugnayan na may halong simpleng hinanakit. Ang "Awit ng Pag-ibig ng Isang Dalaga" ay isang romantikong awit na naglalarawan ng damdamin ng isang dalaga para sa kanyang iniibig. Punong-puno ito ng pananabik, simpleng kasiyahan, at may bahid ng paninisi dahil sa hindi pagtugon ng binata sa inaasahan ng dalaga. Ang damdamin ng awitin ay may halong kasiyahan, pananabik, at bahagyang pagkadismaya. Bagama't puno ng pagmamahal at pananabik ang dalaga, naroon din ang pag-asam ng higit pang pagtugon mula sa binata.

Ito ay isang awit ng pag-ibig dahil masining nitong inilalahad ang damdamin ng isang dalaga para sa kanyang iniibig mga damdaming punô ng pananabik, kasiyahan, at bahagyang pagkadismaya. Ang awitin ay nagpapakita ng personal at emosyonal na ugnayan sa pagitan ng dalaga at ng binatang kanyang minamahal, na siyang pangunahing katangian ng mga awit ng pag-ibig. Sa pamamagitan ng payak ngunit makapangyarihang mga pahayag, naihayag ang matinding damdamin ng dalaga: ang kanyang pagmamahal, ang kanyang pag-asa sa pagtugon ng binata, at ang kalungkutan sa hindi pagkakatugma ng kanilang damdamin. Ang ganitong pagpapahayag ay tipikal sa mga awit ng pag-ibig na nagsisilbing salamin ng emosyonal na kalagayan ng umaawit, gayundin ng mga karanasang kaugnay ng pag-ibig sa kulturang Bugkalot.

Ngunit sa panahon ngayon, makikita ang malinaw na pagkakaiba sa gawi ng panliligaw ng mga binata. Sa halip na harana o paggamit ng tradisyunal na awitin, mas ginagamit na ngayon ang teknolohiya gaya ng social media, text messaging, at online chatting upang ipahayag ang damdamin. Naging mas mabilis at mas direkta ang pagpapahayag ng pag-ibig, ngunit kapalit nito ay ang unti-unting paglimot sa mga makalumang kaugalian na may mas malalim na pagpapahalaga sa proseso ng panliligaw. Ang dating romantikong paraan ng panliligaw na may kasamang pagkanta, pagtugtog ng gitara, at pagbisita sa tahanan ng dalaga ay napalitan ng mga digital na paraan na bagama't epektibo pa rin sa komunikasyon, ay nawawalan ng personal na ugnayan, emosyon, at pagiging masining na siyang taglay ng mga awiting gaya ng harana.

## Hanayan 5

### Balwa

Bugkalot	English	Filipino
Balwa	Balwa	Balwa
<b>Balwa man oyongkan ma pongtog balwa</b>	Balwa, bring a piece of wood, Balwa	Balwa magdala ka ng putol na kahoy balwa
<b>Balwa mantannidey kasememedeka balwa</b>	Balwa, so they will think that you are with them in the Balwa	Balwa upang akalain nilang kasama ka nila sa balwa
<b>Balwa sayma kitanegenmoy pan ologasb no bigkgat balwa</b>	Balwa, share in the python's head	Balwa makihati ka sa ulo ng sawa balwa

**Balwa.** Ang awitin ay nagpapahayag ng kahalagahan ng pakikibahagi at pakikisama sa loob ng isang pamayanan. Ipinapayo nito na kung nais mong tanggapin bilang bahagi ng grupo, kailangan mong tumulong, makiisa, at makibahagi hindi lamang sa ginhawa kundi pati sa hirap. Isa itong paalala ng kolektibong kultura ng mga Bugkalot, kung saan mahalaga ang bayanihan at pakikipagkapwa.

Kung papansinin, bagama't ang mga Bugkalot ay patuloy na may taglay na mayamang kultura, kabilang na ang kanilang mga awiting ginagamit sa pang-araw-araw na gawain gaya ng pag-aani, pangangaso, at mga ritwal, unti-unti nang nababawasan ang nakikinig at nagpapahalaga sa mga ito. Sa paglipas ng panahon at pag-usbong ng makabagong teknolohiya at kultura, mas pinipili na ng maraming kabataan, at maging ng ilang matatanda, na makinig sa mga modernong awitin na karaniwang napakikinggan sa radyo, telebisyon, at social media. Dahil dito, ang mga tradisyonal na awitin ng mga Bugkalot ay tila unti-unting nalilimutan at

napapalitan ng mga kantang banyaga sa kanilang kultura. Ito ay isang hamon sa pagpapanatili ng kanilang pamana, sapagkat sa pagkawala ng interes sa mga katutubong awitin ay kasabay din ang pagkalimot sa mga kuwento, aral, at damdaming nakapaloob dito mga bagay na mahalaga sa pagkakakilanlan ng kanilang lahi.

## Hanayan 6

### *Tagngatang Aklemodey*

<b>Bugkalot</b>	<b>English</b>	<b>Filipino</b>
<b>Tagngatang Aklemodey</b>	<b>Tagngatang Aklemodey</b>	<b>Tagngatang Aklemodey</b>
<b>Intanayenlen ne lakidde tagngatang</b>	This is what he said to Tagngatang	Ganito ang sinabi niya kay Tagngatang
<b>Bokod no duudug aliddit mong mongay mongmingan nanlanay</b>	When they arrive, ring the bell, so it will end.	Kapag sila ay darating, patunugin ang kampana, para matapos
<b>Nay dugdug alinmandit</b>	When they are on their way	Kapag sila ay papunta na
<b>Penongkaben intanalayen ne</b>	Ignore what he/she said and let's go	Baliwalain ang sinabi niya at tara na
<b>Tagngatang aklemodey</b>	Tagngatang, aklemodey	Tagngatang, aklemodey
<b>Enggan mongo aweleknisey oge geben</b>	Why did you pull what we worked hard for?	Bakit mo hinila ang pinaghirapan naming
<b>Lake taogaydet nanlanay</b>		Ang kapatid naming lalaki
<b>Intaneyelen ne tagngatang aklemodey</b>	Our brother	Sinabi niya kay tagngatang at aklemodey
<b>Naypongo men e koli-teg kitegentay</b>	He said to Tagngatang and Aklemodey.	
<b>Bibiyakoton deleyakdekan</b>	The sticky rice of the siblings will be cooked.	Babayuhin ang malagkit na bigas ng mga magkapatid
<b>Nanbanay bimayaloy kono ngoy de</b>	A sticky rice	Isang malagkit na bigas
<b>Say ating dinngen tagngatang ma nganeb ma in agepotgang de nod akinton nanlanay</b>	Before they kill me, listen to my response.	Bago nila papatayin, pakinggan niyo ang aking tugon
<b>Kayob kayobeng kono ngot tagngatang</b>	Don't engage with me, because the Lord will punish you	Huwag mo akong patulan, dahil paparusahan ka ng Panginoon
<b>Kossempa kossempannay pay</b>		Nagmamakaawang sabi upang hindi patulan,
<b>Pannaypay pannalekgengaw</b>	A pleading statement to not be fought back.	

**Tagngatang Aklemodey.** Ang awit ay isang kuwento ng alitan, panganib, at paghihiganti, ngunit sa huli, mayroon ding pag-asa sa kapatawaran, pananampalataya, at panawagan sa pagkakaroon ng awa. Ipinakikita nito ang panlipunang kaugalian ng mga Bugkalot ang kahalagahan ng pamilya, dangal, at ang paggalang sa kalooban ng Diyos bilang huling hukom.

Ang tagngatang aklemodey ay isang awiting bayan ng mga katutubong Bugkalot na naglalaman ng temang umiikot sa alitan, hinanakit, at paghihiganti. Isa ito sa mga tradisyonal na paraan ng pagpapahayag ng damdamin ng mga Bugkalot, lalo na sa mga pagkakataong may hindi pagkakaunawaan o hidwaan sa pagitan ng mga indibidwal o grupo sa loob ng kanilang komunidad. Karaniwan itong inaawit upang mailabas ang saloobin ng isang tao, ang kanyang galit, tampo, o hinanakit nang hindi kinakailangang makipagtalo nang direkta o pisikal.

## Hanayan 7

*Kasaddem*

<b>Bugkalot</b> <b>Kassaddem</b>	<b>English</b> <b>Kassaddem</b>	<b>Filipino</b> <b>Kassaddem</b>
<b>Nay anod ma gobatleng ko</b> <b>Sina-lap nemana kassa</b>		
<b>Kassadem kassademmolle</b>	Kassadem kassademmolle	Kassadem kassademmolle
<b>Demmolle</b> <b>demmollekambo</b>	Demmolle demmollekambo	Demmolle demmollekambo
<b>Dekambo lekkambannagi</b>	Dekambo lekkambannagi	Dekambo lekkambannagi
<b>Bonnagi bonnagissamaw</b>	Bonnagi bonnagissamaw	Bonnagi bonnagissamaw
<b>Gossamaw gossamawwitek</b>	Gossamaw gossamawwitek	Gossamaw gossamawwitek
<b>Mawwitek mawwitekkadu</b>	Mawwitek mawwitekkadu	Mawwitek mawwitekkadu
<b>Tekkadu Tekkadulema</b>	Tekkadu Tekkadulema	Tekkadu Tekkadulema
<b>Dullema dullema</b>	Dullema dullema	Dullema dullema
<b>Makkanak Makkapiyonde</b>	Makkanak Makkapiyonde	Makkanak Makkapiyonde
<b>Piyonde piyonedde e</b>	Piyonde piyonedde e	Piyonde piyonedde e
<b>Dedde e dedde ellawed</b>	Dedde e dedde ellawed	Dedde e dedde ellawed
<b>Ellawed Ellaweddit</b>	Ellawed Ellaweddit	Ellawed Ellaweddit
<b>Weddit wedditakkanay</b>	Weddit wedditakkanay	Weddit wedditakkanay
<b>Takkanay takkanayyo</b>	Takkanay takkanayyo	Takkanay takkanayyo
<b>Nayyo-ko nayo-kossempa</b>	Nayyo-ko nayo-kossempa	Nayyo-ko nayo-kossempa
<b>Nayyo-ko nayo-kossempa</b>		

**Kassaddem.** Ang Kassaddem ay isang awiting bayan na nagmula sa mga katutubong Bugkalot, at ito ay may natatanging layunin, ang kilalanin at parangalan ang mga kasapi ng kanilang komunidad na nagpakita ng tapang, katapangan, at katapatan para sa kapakanan ng kanilang pangkat. Hindi tulad ng ibang mga awitin na may malinaw na kuwento o mensaheng emosyonal, ang Kassaddem ay binubuo lamang ng mga pangalan ng mga kilalang Bugkalot na nagpakita ng kanilang kagitingan sa panahon ng digmaan, pangangalaga sa teritoryo, o sa pagtatanggol sa kanilang kultura at pamumuhay. Sa bawat pag-awit nito, binibigyang-buhay muli ang alaala ng mga bayani ng kanilang lahi, na nagsisilbing inspirasyon sa mga bagong henerasyon upang ipagpatuloy ang pagmamahal sa sariling kultura, katapangan sa pagharap sa hamon ng panahon, at pagkakaisa bilang isang katutubong pamayanan. Ang Kassaddem ay hindi lamang isang awit kundi isang pamana isang oral na kasaysayang muling inuukit sa alaala ng bawat Bugkalot tuwing ito'y inaawit.

Ang awiting bayan ay ginamitan ng malayang salin upang mas madaling maunawaan at maiparating ang kahulugan ng mga mensaheng nakapaloob dito, lalo na sa mga tagapakinig na hindi pamilyar sa orihinal na wika ng mga katutubong Bugkalot. Sa pamamagitan ng malayang salin, ang mga mahahalagang ideya at damdaming nais ipabatid ng awitin gaya ng tapang, hinanakit, pagmamahal sa bayan, o paggalang sa tradisyon ay naililipat sa mas malinaw at mas makabagong anyo ng wika, nang hindi nawawala ang diwa at esensiya ng orihinal na komposisyon. Bagama't hindi ito literal na pagsasalin ng bawat salita, pinananatili pa rin sa salin ang layunin, tono, at temang taglay ng awitin, upang ito ay maging tulay sa mas malawak na

pag-unawa, pagpapahalaga, at pagpreserba ng kulturang Bugkalot, lalo na sa mga kabataang hindi na bihasa sa katutubong pananalita.

Matapos makalap ang mga awiting bayan, isinalin ang mga ito sa wikang Filipino. Hindi naging lubhang mahirap ang pagsasalin ng ilang awitin sapagkat may kalakip na salin sa Ingles mula sa Journal of Northern Luzon na naging pangunahing batayan ng mga mananaliksik. Gayunpaman, naging hamon para sa kanila ang pagsasalin ng mga malalalim na salita na matatagpuan sa ilang awitin. Dahil dito, kinapanayam nila ang ilang katutubong Bugkalot upang hingin ang paliwanag sa mga kahulugan nito. Bukal sa loob namang ipinaliwanag ng mga taga-Bugkalot ang mga mahahalagang kahulugan ng kanilang awiting bayan, na lalong nagpayaman sa pag-unawa ng mga mananaliksik sa mga ito.

Sa kabuuan, ang pangunahing pamamaraang ginamit sa pagsasalin ng mga awiting-bayan ay ang pagsasalang salita-sa-salita o literal na pagsasalin, batay sa teorya ni Peter Newmark (1988). Sa paraang ito, ang bawat salita sa orihinal na teksto ay isinasalin nang tapat at tuwiran sa target na wika, habang pinananatili ang estrukturang gramatikal at kahulugan ng orihinal. Layunin nitong ipreserba ang anyo, nilalaman, at diwa ng orihinal na awit, gayundin ang pagpapahalaga sa kulturang pinagmulan nito. Sa ilang pagkakataon, ginagamit din ang malayang pagsasalin upang bigyang-diin ang mensahe, ngunit nananatiling pinakaginagamit at dominanteng estratehiya ang literal na pagsasalin sa mga ganitong uri ng teksto.

## Seksiyon 2. Mga Kompetensi sa Baitang 7 at Pagtutugma sa Nabuong Kalipunan

Tinutukoy ng seksiyong ito ang pagtutugma ng mga awiting bayang Bugkalot sa mga kompetensi ng Baitang 7 upang linangin ang pag-unawa sa kultura at pagpapahalaga sa tradisyunal na sining.

### Hanayan 8

#### *Pagtutugma ng kompetensi sa Salin ng Awiting Bayan*

Awiting Bayan	Kompetensi
Isang munting batang lalaki	F7PN-IIa-b-7
Oyayi- Awitin ng Ina sa Kanyang Anak	Naipaliliwanag ang kaisipang nais iparating ng napakinggang bulong at awiting-bayan
Kasseddem	
Oyayi- Awitin ng Ina sa Kanyang Anak	F7PT-IIa-b-7
Tagngatang Aklemodey	Naiuugnay ang konotatibong kahulugan ng salita sa mga pangyayaring nakaugalian sa isang lugar
Balwa	F7PS-IIa-b-7
Oyayi ng Isang Batang Babae sa Kanyang Munting Kapatid	Naisasagawa ang dugtungang pagbuo ng awiting bayan
	F7PB-III-12
	Nasusuri ang kulturang nakapaloob sa awiting bayan

#### *Awit ng Pag-ibig ng isang Dalaga*

Kapansin-pansin sa kurikulum ng ikapitong baitang na ang mga awiting bayan ay tumutugma sa ilang kompetensi. Ginagamit ang mga ito hindi lamang sa sining at kultura kundi bilang kasangkapan sa paglinang ng kaalaman sa Filipino at Araling Panlipunan. Nakakatulong ang mga ito sa pag-unawa sa kasaysayan, kultura, at tradisyon ng bansa, pati na rin sa pagsasanay ng mga mag-aaral sa pagsusuri at pagpapahayag ng saloobin.

## Seksiyon 3. Pagbuo ng Banghay Aralin Batay sa Napagtugmang Kompetensi

Mula sa mga naisalin at napagtugmang kompetensiya, nakabuo ang mga mananaliksik ng mga pitong banghay-aralin para sa baitang 7 na layuning paunlarin ang pag-unawa at kasanayan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Inaasahang makatutulong ang mga ito sa maspektibong proseso ng pagkatuto.

Naisalin ng mga mananaliksik ang nakalikom na pitong awiting bayan na otoy, baliwayway (awit ng ina sa kanyang anak), baliwayway (oyayi ng isang batang babae sa kanyang munting kapatid), awit ng pag-ibig ng isang dalaga, balwa, tagngatang, aklemodey at kassaddem na mula sa mga Bugkalot na nagpapakita ng kanilang mayamang kultura, paniniwala, at tradisyon. Ang mga awiting bayang ito ay nauukol sa pagmamahal, pag-aaruga ng isang ina, pakikipagsapalaran, pakikipaglaban at pagtratrabaho sa bukid. Napagtutugma ng mga mananaliksik ang mga kompetensi sa Gabay Pangkurikulum sa asignaturang Filipino para sa ikapitong baitang. Ang layunin nito ay matiyak na ang mga awitin ay hindi lamang magiging bahagi ng karanasang pampanitikan, kundi magsisilbi rin bilang mabisang kagamitang pampagtuturo sa loob ng silid-aralan. Nakabuo ang mga mananaliksik ng pitong banghay-aralin na nakatuon sa mga tiyak na layunin at kompetensi na may ugnayan sa nilalaman ng mga naisaling awiting bayan. Ang banghay-araling ito ay idinisenyo upang maisama ang mga natatanging elemento ng kulturang Bugkalot sa proseso ng pagkatuto, habang tinutugunan ang mga inaasahang kasanayang pangwika at pampanitikan ng mga mag-aaral.

### Kongklusyon

Kaya naman naging kongklusyon ng mga mananaliksik na ang mga awiting bayang Bugkalot ay naisalin sa anumang wika ang mga awiting bayang Bugkalot. Tugma sa mga kompetensi ng Filipino Gabay Pangkurikulum ang mga awiting bayang Bugkalot at nabuo ang mga angkop at tiyak na banghay-aralin sa pamamagitan ng awiting bayan.

### Rekomendasyon

Kaya inirerekomenda na ng mga mananaliksik na ipagpatuloy ang pagsasalin ng mga awiting bayan di lamang sa mga Bugkalot kundi sa iba pang pangkat etniko sapagkat maaari itong magamit bilang kagamitan sa pagtuturo. Isagawa ang pagtutugma ng kompetensi at ng mga materyal tulad ng mga awiting bayan sa Gabay Pangkurikulum upang masiguro na nakasusunod sa kurikulum at gamitin at paghusayin pa ang mga nabuong banghay aralin upang mapahusay pa ang pagtuturo ng Filipino Baitang 7.

### SANGGUNIAN

- Bacsa, L., Fontanilla, T., & Rasay, G. (2011). *Mga Salawikaing iloko: isang pagsasalin at pagsusuring moralistiko* [Thesis, Saint Mary's University].
- Baquin, M. (2023). Isang pagsasalin at pagsusuri sa mga piling maikling kwento. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research*, 9(6), 2455–3662. <https://doi.org/10.36713/epra13465>
- Canonio, L. (n.d.). *Ibat-ibang-uri-ng-teoryang-pampanitikan*. Scribd. <https://www.scribd.com/document/650971804/Ibat-ibang-Uri-ng-TeoryangPampanitikan>
- Castillo, J., Garcia, A., Lalong-isip, J., & Maravilla, A. (2017). *Mga teorya at dulog sa pagsusuring pampanitikan*. PowerPoint Slides. <https://www.slideshare.net/PjCastillo2/mgateorya-at-dulog-sa-pagsusuring-pampanitikan>
- Coralles, S., Barcarse, C., & Padaca, B. (2017). *Pagsusuri ng piling maikling kwento ni Genoveva Edroza-Matute: Pagbuo ng materyal panturo para sa ikawalong baitang* [Thesis, Saint Mary's University, Bayombong Nueva Vizcaya].
- Coroza, M. (2009). *Ang sining ng saling-awit: Kasaysayan, proseso, at pagpapahalaga*. San Diego [Thesis, San Diego State University].

- Francisco, N. (n.d.). *Ang impluwensiya ng panitikan sa mga mag - aaral*. Scribd. <https://www.scribd.com/document/392179652/Ang-Impluwensiya-ng-Panitikan-sa-mga-Mag-aaral>
- Insagne, Y. (n.d.). The Bugkalot tribe of the Philippines: History, culture and art. *Language, Customs and Tradition [Philippine Indigenous People]*. Yodisphere. <https://www.yodisphere.com/2022/08/Bugkalot-Tribe-Culture.html?m=1>
- Ki. (2020). *Kahulugan ng awiting bayan at halimbawa nito*. <https://newspapers.ph/2020/12/ano-ang-awiting-bayan-halimbawa-at-kahulugan-nito/>
- Latore, M., & Carada, G. (2019). Panitikan ng mauban sa pagtuturo ng komunikasyon at pagpapayaman ng talasalitaan. *American Journal of Humanities and Social Science Research*, 5(8), 99–109. <https://www.ajhssr.com>
- Mabalhin, J. (2019). Pagsasalin at ebalwasyon ng mga panitikang Southern Leyteno sa wikang Filipino. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(4), 93–100. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.625>
- Matammu, C. (2022). An analysis and translation into Filipino of Ibanag proverbs. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 3(2), 239–248. <https://www.ijase.org/index.php/ijase/article/view/142>
- Nivalvos, P. (2017). *Lipunan at panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa pagbuo ng literaturang pambansa*. Quezon City Publication.
- Padilla, G., Gapasin, C., Salvacion, G., & Tungpalan, B. (2019). *Nostalgia: Kulturang materyal ng mga Isinai* [Thesis, Saint Mary's University, Bayombong Nueva Vizcaya].
- Sia, C., Sur, D., Co, L., Naymes, S., & Bernardo, A. (2021). *Ethnopharmacological study of the Philippine ethnolinguistic groups: The Bugkalot people of Talbec, Dupax del Sur, Nueva Vizcaya* [Thesis, University of the Philippines, Manila].
- Valdez, T. (2014b). *The endangered dialect of the Bugkalots* [Thesis, Quirino State University]. [https://papers.iafor.org/wpcontent/uploads/papers/aceid2015/ACEID2015\\_08221.pdf](https://papers.iafor.org/wpcontent/uploads/papers/aceid2015/ACEID2015_08221.pdf)
- Pagsasalin at pagsusuri ng akdang panitikan. (2019). *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 7(1), 64–69. <https://www.apjmr.com>
- Rivera, C. (2013). *Proseso at analisis ng pagsasalin ng Eleven minutes ni Paulo Coelho* [Dela Salle University]. [https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd\\_bachelors/2738](https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd_bachelors/2738)
- Rodriguez, L., Abenir, S., Villanueva, C., Base, J., & Espejo, R. (2016). *Kabisaan ng wikang Filipino sa pagsasaling-wika sa wikang Ingles ng mga estudyante ng ikaw-10 baitang ng Holy Angel School of Caloocan, INC* [Holy Angel School of Caloocan, INC., Caloocan City]. <https://www.scribd.com/document/422207214/Ang-kabisaan-sa-pagsasaling-wika-ng-wikang-Filipino-sa-wikang-Ingles-ng-mga-estudyante-ng-ika-10-baitang-ng-Holy-Angel-School-of-Caloocan-inc>